Ano ang Buod ng Abiso ng Medicare?

Ang Buod ng Abiso ng Medicare, na tinatawag rin na MSN, ay isang ulat ng mga pagbisita ng doktor, mga serbisyo o supply na sinisingil sa Medicare sa iyong pangalan Ito ay ipinapadala sa koreo tuwing 3 buwan at mayroon ring makukuha online. Ipinapaliwanag ng MSN ang mga babayaran ng Medicare at ang iyong mga babayaran o ng iba panginsurance(tulad ng Medigap o insurance ng employer). Ang mga MSN ay ipinapadala sa koreo sa mga tao na naka- enrol sa Medicare Part A at/o Part B.

Sinasabi ng MSN sa malaking print na HINDI ito isang bill.

Ang Paggamit ng Iyong MSN para Matuklasan ang Mga Pagkakamali, Panlilinlang, at Pang-aabuso

- Ang pagbabalik-tanaw sa iyong MSN ay isa sa mga pinakamabuting paraan upang makatulong sa **pagtuklas** ng mga posibleng kamalian, panlilinlang, at pang-aabuso. Mahalagang buksan at basahin ang iyong MSN sa sandaling makuha mo ito para matiyak na natanggap mo ang lahat ng mga serbisyo na nakalista dito.
- Magtabi ng talaan ng mga medikal na pagbisita, mga pagsusuri, mga resibo ng serbisyo, at kagamitan na iyong natanggap. Isang Personal na**Talaarawan ng Pangangalaga sa Kalusugan,** na iyong makukuha sa iyong lokal na SMP, ay makakatulong sa iyong pagtatago ng tala ng mga serbisyo.
- Balikan ang iyong MSN at ikumpara ang iyong mga resibo, mga rekord at Personal na Talaarawan ng Pangangalaga sa Kalusugan Kung ikaw ay may napansin na anumang pagkakamali, o may mga katanungan, **i-ulat** ang mga ito kaagad! Tawagan ang iyong tagapagbigay ng serbisyo para sa iyong mga katanungan. Kung ikaw ay mayroon pa ring mga katanungan o kailangan ng tulong, tumawag sa iyong lokal na SMP.
- Ang **pagprotekta** sa iyong personal na impormasyon ay ang iyong unang linya ng depensa laban sa panlilinlang. Itabi ang iyong Mga Buod ng Abiso ng Medicare at ng mga kaugnay na statement hangga't hindi na magagamit ang mga ito. Pero, huwag lamang basta itapon ang mga ito sa basurahan -- tiyakin na putol-putulin ito. Ang pagpuputol-putol ng mga mahahalagang dokumento tulad ng iyong MSN at iba pang mga bill sa pangangalagang pangkalusugan ay makakatiyak na hindi makukuha ng mga magnanakaw ang iyong pribadong impormasyon.
- Ang Medicare ay nagpapadala lamang sa koreo ng mga MSN tuwing tatlong buwan, pero maaari mong makita ang iyong MSN 24 oras sa pamamagitan ng pagbisita saMyMedicare.gov. Ang pagpaparehistro para ma-access ang libre at siguradong online na serbisyo ng Medicare ay nagpapahintulot sa iyong mabalikan ang lahat ng mga bill na naproseso sa loob ng nakaraang 36 na buwan.

Anong impormasyon ang iyong dapat hanapin sa Iyong MSN at kaugnay na mga statement?

Enero 2013

Plan	Saklaw	Statement	Impormasyon na dapat hanapin
Medicare Part A (Insurance sa Ospital)	Pagpapao-ospital ng Inpatient, Pasilidad para sa Dalubhasang Pag-aalaga, Pangangalaga ng Kalusugan sa Tahanan, at Pag-aalaga sa Ospisyo (ang mga MSN sa bawat isa sa mga ito ay medyo iba)	MSN (Tuwing tatlong buwan o Online)	✓ Petsa ng Paglilingkod ✓ Pangalan at Address ng Tagapagbigay ng Serbisyo: ✓ Mga Nagamit na Araw sa Benepisyo ✓ Naaprubahan ang Claim? (Oo o Hindi) ✓ Hindi Sakop na Mga Serbisyo ✓ Binayarang Halaga ng Medicare ✓ Pinakamataas na Halaga na Maaring Silingin sa Inyo ✓ Mga tala sa claim ✓ Impormasyon ng mga Apela
Medicare Part B (Medikal na Insurance)	Mga Serbisyo sa Outpatient (mga pagpapatingin sa doktor, mga pagsusuri sa laboratoryo, mga medikal na kagamitan, ambulansya, mga pagbabakuna, mga screening at marami pang iba)	MSN (Tuwing tatlong buwan o Online)	✓ Petsa ng Paglilingkod ✓ Pangalan at Address ng Tagapagkaloob ng Serbisyo: ✓ Serbisyong Ibinigay at Code sa Pagsingil (o Dami at Serbisyong Ibinigay) ✓ Naaprubahan ang Serbisyo? (Oo o Hindi) ✓ Siningil na Halaga sa Tagabigay-serbisyo ✓ Naaprubahan ng Medicare na Halaga ✓ Binayarang Halaga ng Medicare ✓ Pinakamataas na Halaga na Maaring Silingin sa Inyo ✓ Mga tala sa claim ✓ Impormasyon ng mga Apela
Medicare Part C (Medicare Advantage)	Ayon sa iyong plano	Pahayag mula sa pribadong insurer	Ang iyong Medicare Advantage na kompanya ay maaaring magbigay sa iyo ng statement na nagbibigay ng paliwanag sa mga benepisyo na nasakop nito.
Medicare Part D	Mga Resetang Gamot	Explanation of Benefits (EOB) o Pagpapaliwanag sa Mga Benepisyo mula sa plano ng gamot (Buwanan, kung ginamit ang mga benepisyo)	✓ Hanggang sa kasalukuyang taon na mga gastos sa plano ng gamot ✓ Kabuuang out-of-pocket at mga presyo gamot ✓ Kasalukuyang impormasyon sa pagkakasakop (deductible o mababawas na halaga, coverage gap, atbp.) ✓ Ang Buod ng mga claim mula nang huling EOB ✓ Anumang mga update sa pormularyo ng plan
Supplement Insurance (Medigap)	Mga benepisyo na sakop ng mga pribadong insurer	Explanation of Benefits (EOB) o Pagpapaliwanag ng mga Benepisyo mula sa kompanya ng Medigap	✓ Kabuuang mga pagsingil ✓ Binayarang Halaga ng Medicare ✓ Binayarang Halaga ng Medigap

Para matagpuan ang inyong Senior Medicare Patrol (SMP) sa estado:
Bumisita sa www.smpresource.org o tumawag sa 1-877-808-2468.

Pinondohan ng U.S. Administration for Community Living (ACL), Administration on Aging (AoA), Numero ng Grant 90NP0001